# *Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 3*

***“17 Ang bawa't mabuting kaloob at ang bawa't sakdal na kaloob ay pawang buhat sa itaas, na bumababa mula sa Ama ng mga ilaw, na walang pagbabago, ni kahit anino man ng pagiiba.” (Santiago 1:17 KJV)***
***“22 Ang pagpapala ng Panginoon, ay nagpapayaman, at hindi niya idinadagdag ang kapanglawan.” (Kawikaan 10:22 KJV)***

Kapag nagbigay ang Dios ng basbas walang kapanglawaan idinadag ito dito. Patuloy natin tatalakayin sa mensaheng ito ng bunga ng ginawa ni Rebeca na iniisip na ang pagpapala ng Dios ay darating kay Jacob. Ang ginawa niya ay hindi matuwid kung hindi man ay hindi siya dapat magkaroon ng mga kaguluhan sa kanyang buhay. Sa ginawa niya ginulo niya ang kanyang sarili, ginulo niya si Jacob at ginulo niya ang buong pamilya. Tatanggapin ni Jacob ang mga pagpapala ng Dios kahit na hindi ginawa iyon ni Rebeca, kahit na pagpalain ni Isaac si Esau. Ang Dios ay may tanging paraan na gawin ang mga bagay at hindi Siya naghihintay sa tao na tulungan siya para matupad ang Kanyang layunin. Huwag gawin ang sarili mong paraan na iniisip na maaari mong pagpalain ang iyong mga anak, sa halip ay kumilos at maghintay sa Dios na dumating at pagpalain ang iyong mga anak.

Ating basahin ang mga kaguluhang nilikha ni Rebeca sa pamilya matapos niyang dayain ang kanyang asawa at itulak si Jacob na magkasala at dayain ang kanyang ama.

***“41 At kinapootan ni Esau si Jacob, dahil sa basbas na ibinasbas sa kaniya ng kaniyang ama; at sinasabi ni Esau sa sarili, Malapit na ang mga araw ng pagluluksa sa aking ama; kung magkagayo'y papatayin ko si Jacob na aking kapatid.” (Genesis 27:41 KJV)*** Ang pag aaway ngayon ay nagsimula sa pamilya, Gustong pumatay ni Esau para patayin si Jacob. Kung ang ginawa ni Rebeca ay mula sa Dios kung gayon ang kaguluhang ito ay hindi dapat mangyari sa loob ng pamilya. Ito ay kapag ginawa mo ang iyong pansarili, kung gayon ang pakikipagbaka at problema ay magsisimula sa loob ng iyong buhay. Tingnan natin ngayon kung ano ang sumunod:

***“42 At ang mga salita ni Esau na kaniyang panganay ay nangaibalita kay Rebeca; at kaniyang pinasuguan at tinawag si Jacob, na kaniyang bunso at sa kaniya'y sinabi, Narito, ang iyong kapatid na si Esau ay naaaliw tungkol sa iyo, na inaakalang patayin ka. 43 Ngayon nga, anak ko, sundin mo ang aking tinig; at bumangon ka, at tumakas ka hanggang kay Laban na aking kapatid, sa Haran; 44 At dumoon ka sa kaniyang ilang araw hanggang sa mapawi ang galit ng iyong kapatid. 45 Hanggang ang galit sa iyo, ng iyong kapatid ay mapawi at malimutan niya ang ginawa mo sa kaniya: kung magkagayo'y pasusuguan kita at ipasusundo kita mula roon: bakit kapuwa mawawala kayo sa akin sa isang araw?” (Genesis 27:42-45 KJV)*** Nang narinig ni Rebeca ang sinabi ni Esau, siya ba ay nagsisi, nag isip o napagtanto ang tungkol sa ginawa niyang kasalanan? Hindi kailanman _______________ sa halip ay sinabi niyang muli sa talata 43 kay Jacob na sundin ang kanyang tinig ***“Ngayon nga, anak ko, sundin mo ang aking tinig”***, na parang si Jacob ay walang ama, na tila si Isaac ay patay na at siya ay nag iisang pamunuan ang pamilya. Iyan ang ginagawa mo, kapag nagkamali ka hindi mo ito inaamin at tinatalikdan kundi nais mong takpan lamang ito at huwag lumapit upang buksan ito at humingi ng payo kung ano ang kailangan mong gawin. Sinabi niya kay Jacob na humayo at tumakas patungong Haran, isinugo niya ito sa kanyang kapatid na si Laban, at manatili roon nang ilang araw hanggang sa humupa ang galit ni Esau at kalimutan ang ginawa nito sa kanya at isusugo niya ito upang ibalik siya mula roon. Ang sinabi niya, ***“ilang araw…*** Ngunit alam natin na si Jacob ay pumaroon at nanatili doon ng dalawampung taon at hindi siya nagsugo para sa kanya; hindi lamang dahil maaring siya’y namatay sa pamamagitan ng sumpa ng Dios sa kanya, kundi pati na rin sa malaking problema sa pagitan ni Jacob at Esau at kahit pagkatapos ng dalawanpung taon nang si Jacob ay pabalik na siya ay takot na takot na papatayin siya ni Esau. Ating basahin ang panalangin ni Jacob pagkatapos ng dalawpung taon nang siya ay bumalik upang maunawaan kung gaano siya natakot kay Esau, ***“11 Iligtas mo ako, ipinamamanhik ko sa iyo, sa kamay ng aking kapatid, sa kamay ni Esau; sapagka't ako'y natatakot sa kaniya, baka siya'y dumating at ako'y saktan niya, ang ina pati ng mga anak.” (Genesis 32:11)***

Si Rebeca binanggit niya kay Jacob na kailangan niyang tumakas at pumunta sa Haran sa gayo’y hindi mawala sa kanya silang dalawa sa isang araw. Dahil si Isaac ay maaring mamatay anumang oras at maaring patayin ni Esau si Jacob, at kaya kung gagawin niya iyon kung gayon kailangan nilang ilagay siya sa kamatayan, ngunit pinanatili ng Dios si Isaac ng 43 na mga taon pa. Sinabi niya kay Jacob sa ***Genesis 27:45*** kung anong ginawa niya kay Esau, ngunit hindi niya sinabi kay Jacob kung anong ginawa niyang mali sa kanyang ama dahil siya ang tanging nagtulak kay Jacob na gawin iyon, at iyon ang panibagong patunay ng kawalan niya ng pagsisisi at ng kawalan ng kabatiran niya ng mga masamang ginawa niya. Kaya naman dinala ng Dios ang mga kaguluhang dumating sa pamilya. Si Jacob dahil maginhawa sa bahay ng kanyang ama kailangan niyang iwan ang kapaligiran ng maginhawang bahay at sinimulan ang kanyang magulong paglalakbay sa buhay dahil siya ang nagsabi kay Faraon nang tumayo ito sa kanyang harapan noong siya ay 130 taong gulang sa ***Genesis 47:9***

***masasama ang mga naging araw ng mga taon ng aking buhay,"*** Bakit? Dahil sa maling pag uugali ni Rebeca na kanyang ina, at nakinig siya sa kanya.

Kung ihahalintulad natin si Rebeca kay Sara. Nang inutusan ng Dios si Abraham na iaalay ang kanyang bugtong na anak, ***"1 At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Abraham; at sinabi niya, Narito ako. 2 At kaniyang sinabi, Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya roong handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo. 3 At si Abraham ay bumangong maaga, at inihanda ang kaniyang asno, at ipinagsama ang dalawa sa kaniyang mga alila, at si Isaac na kaniyang anak: at nagsibak ng kahoy para sa haing susunugin, at bumangon at naparoon sa dakong sinabi sa kaniya ng Dios. 4 Nang ikatlong araw ay itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata at natanaw niya ang dakong yaon sa malayo." (Genesis 22:1-4 KJV)*** Si Sara dito hindi natin nabasa na nakialam siya kay Abraham at hinarangan siya na gawin ang kinakaialangan niyang gawin. Si Isaac ay nabuhay ng napaka mapayapang buhay para sa tatlong mga dahilan *Una* Dahil ang kanyang ama ay sumunod sa Dios at ginawa ng iniutos ng Dios na gawin tulad ng sumusunod: ***"9 At sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy. 10 At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak. 11 At tinawag siya ng anghel ng Panginoon mula sa langit, at sinabi, Abraham, Abraham: at kaniyang sinabi, Narito ako. 12 At sa kaniya'y sinabi, Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak." (Genesis 22:9-12 KJV)*** *Pangalawa* dahil sumunod din si Isaac sa kanyang ama. *Pangatlo* ang kanyang inang si Sara wala tayong nabasa tungkol sa kanya na sinalungat niya ang kanyang ama na gawin ang matuwid sa kanya at iyon ang nakatulong upang ihiga si Isaac sa dambana na ginawa ng kanyang ama nang hindi lumalaban sa kanyang ama na ginagaw ang kalooban ng Dios nang walan pagdududa sa kanya. Ihambing ngayon ang dalawang pamilyang ito, ang pamilya ni Abrahm at ni Sara at ang pamilya ni Isaac at Rebeca. Sa unang pamilya ang nais ng Dios na ipagawa ay sinunod ng kapwa ama at ng ina kaya naman si Isaac ay sumunod at pinagpala. Sa pangalawang pamilya ang kalagayan ay magulo, ang ama ay naghihintay sa Dios ngunit ang ina ay naunang kunin ang tungkulin ng Dios upang pagpalain ang kanyang anak, at ang bunga ay malinaw na mga pagkabagabag sa pamilya at si Jacob ay sumuway sa kanyang ama at mahigpit na nagdusa. Ito ay isang maliking kalituhan para sa mga anak kapag ang isa sa mga magulang ay sumusunod sa Dios at ang iba ay ginagawa ang kabaligtaran. Ang sabi ng ama Hindi, ang sabi ng ina Oo, ang sabi ng ama na yumaon, ang sabi ng ina ay lumapit; ang sabi ng ama ay kanan, ang sabi ng ina ay kaliwa, kawawang mga bata sino ang kanilang susundin, kaya naman sila'y nalito at nabagabag. Nabasa natin ang tungkol kay Sara sa sulat ni Pedro, ***"5 Sapagka't nang unang panahon, ay ganito naman nagsigayak ang mga babaing banal na nagsiasa sa Dios, na pasakop sa kanikaniyang asawa; 6 Na gaya ni Sara na tumalima kay Abraham, na kaniyang tinawag na panginoon: na kayo ang mga anak niya ngayon, kung nagsisigawa kayo ng mabuti, at di kayo nangatatakot sa anomang kasindakan." (1 Pedro 3:5-6 KJV)*** Binanggit ni Pedro si Sara dahil sumunod siya kay Abraham at sa ilalim ng kanyang pagpapasakop. Ngunit hindi niya binanggit si Rebeca dahil sinuway niya si Isaac at ginawa ng kabaligtaran ng dapat niyang gawin.

Ang mga kaguluhan na pinagdaanan ni Jacob ay hindi lamang matinding pagpapakasakit ng masamang kalagayan sa pagtatrabaho, pagtulog sa mga bato, pagtitiis sa pagkawala, hindi pagkain ng karne, pagtitiis sa init ng tag araw, ng lamig sa taglamig, ang kawalan ng pagtulog sa gabi at pagbabago ng kaupahan. Ngunit higit pa sa ganoon. Ang natitira sa kanyang pagdurusa at ang hindi namin sinabi ay higit pa sa aming sinabi. Kailangan kong ipaliwanag ang pagdurusa ni Jacob na kasunod ng maling ginawa ng kanyang ina at ang kanyang pagsang ayon sa kanya upang may kamalayan ka sa mga bunga ng tinatawag mong maliit na kasalanan, maliit na pagkakamali upang ikaw ay kumilos itigil ang mga ito at magsisi. Sinabi ni Jeremias sa mga panaghoy ang mga sumusunod: ***"14 Ang iyong mga propeta ay nakakita para sa iyo ng mga pangitain na walang kabuluhan at kamangmangan; at hindi nila inilitaw ang iyong kasamaan, upang bawiin ang iyong pagkabihag, kundi nakarinig para sa iyo ng mga hulang walang kabuluhan at mga kadahilanan ng pagkatapon." (Panahoy 2:14 KJV)*** Ang kahulugan ng pagkatapon ay pagkabihag, pagpapalayas o pagpapaalis. Ang mga propeta sa panahong iyon ay hindi sinabi sa mga tao ang tungkol sa kanilang mga kasalanan at ipinaliwanag sa kanila ang masasamang epekto ng kanilang mga kasalanan at kung paano ito magiging dahilan sa kanila na mabihag sa gayo'y makalaya sila mula sa banta ng pagpapaalis mula sa kanilang masaganag lupain at ilagay na buhay sa ibang mga bansa. Sa panahon ni Jeremias sinimulang kunin ang bayan ng Judea mula sa kanilang lupain at ipadala sa Babilonia. Ang iba pang mga tribo ay binihag ng matagal bago iyon sa Asiria. Ang ibinigay na aral sa kanila ng mga propeta ay maling dahilan ng kanilang pagpapatapon ***"walang kabuluhan at kamangmangan"*** sinasabi nila sa kanila. Hindi nila hinaharap ang kanilang mga kasalanan at ang mga dahilan ng kanilang mga pagdurusa, pagkabihag o pagpapatapon. Hindi nila inilantad sa kanila ang kanilang mga kasalanan upang ilayo ang kanilang pagkabihag; kaya patuloy na nagkasala ang mga tao at nagpatuloy ang kanilang pagdurusa at pagpapatapon.

Bibigyan ko kayo ng halimbawa mula sa kasalukuyang panahon: Narinig ko kamakailan na ang ilang mga simbahan ay nagtuturo na ang mga sanhi ng laganap na homosekswalidad sa kanilang mga bansa ay dahil sa mga taong kumakain ng karne ng manok at ang kaugnayan nito sa homosekswalidad ay dahil ang manok ay pinapakain ng mga hormones at ang mga hormones na iyon ay magiging dahilan upang ang mga kumakain ng karne ng manok ay kumilos bilang mga homosekswal. Kaya binigyan nila ang mga tao ng maling dahilan kung bakit laganap ang gayong kasalanan at nagtago sa kanila upang malaman kung anong mga kasalanan ang kanilang ginagawa na nagdulot ng kasalanan ng homosekswalidad at ng transgender sa napakalaganap na paraan.

Ayon sa Kasulatan ang kasalanang ito ng homosekswalidad at ang transgender ay nakarating maging sa templo ng Dios noong unang panahon, simula sa panahon ni Haring Rehoboam na anak ni Solomon at iba pa habang ito ay sumasalakay sa mga simbahan ngayon at ang ugat nito ay dumarating nang unti unti at pumasok sa simbahan at bilang mga sumusunod:

Yugto 1: Pag aasawa sa mga hindi mananampalataya.
Yugto 2: Mga imoralidad, kasama ang iba't ibang anyo nito. Maramihang pag aasawa, diborsyo at muling pag aasawa, pagsasama ng hindi kasal, pakikiapid, pakikipagtagpo, panliligaw, kasintahan lalaki at kasintahang babae, prostitusyon, solong ina o solong ama ay mag asawa sa hindi ama o ng ina ng kanyang mga anak.
Ikatlong Yugto: Pagkain at mga kapistahan na iniaalay sa mga dios-diosan. Kaarawan, Pasko, Bagong Taon, Araw ng mga Puso, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Halloween, Araw ng mga Banal, atbp.
Yugto 4: Ang natitirang mga katiwalian at kompromiso na pumasok sa simbahan dahil sa kasakiman, ang pag ibig sa salapi, pagnanasa, kamunduhan, takot sa tao, inggit, paninibugho, at ang natitirang bahagi ng gawain ng laman.
Yugto 5: Homoseksuwalidad at ang transgender.

Kaya kung nais nating harapin ang homoseksuwalidad at ang transgender kailangan nating harapin ang lahat ng mga nakaraang yugto ng dilemma na ito, ngunit ang pagtigil ng pagkain ng manok ay hindi malulutas ang problema dahil kapag ang kasalanang iyon ay nakarating sa templo ng Dios hindi sila kumakain ng manok na pinakain sa hormones. Simbahan ng Dios magsisi, Simbahan ng Dios Tennessee Cleveland mula sa kaibuturan ng aking puso sinasabi ko sa iyo na magsisi dahil ang lahat ng mga kasalanang ito ay naroroon sa gitna mo. Kaya kailangan kong ipaliwanag sa iyo at ang kaugnayan ng pagdurusa ni Jacob ng ginawa ng kanyang ina upang makita mo ang mga kagulugan na dadalhin mo sa iyong mga anak kapag ginawa mo ang iyong sariling kagustuhan at plano.. Matanda na ako at bago ako mamatay itinuturo ko sa iyo ang lahat ng iyon at isinusulat ko ito upang mapanatili at may magamit sa susunod na salinlahing darating. Mga Ina magpakabait… Mga Ama magpakabait…Mga anak magpakabait…. at huwag gawin tulas ng ginawa ni Jacob.

Ating balikan ang pamilya ni Isaac at Rebeca. Sa pamilya kapag ang asawang lalaki at asawang babae ay magkaiba ng pag iisip tulad dito nina Isaac at Rebeca ang mga anak ay magdudusa. Bakit si Jacob ay nagdusa dahil ginawa ang mali sa pagsunod sa maling payo ng kanyang ina. Muli ito ay maling kalituhan para sa mga ank kapag isa sa mga magulang ay sumusunod sa Dios at ang iba ay ginagawa ang kabaligtaran. Makinig, kapag alam mong mali ang nanay mo kung gayon wag mo na sundin ang payo niya para hindi ka magdusa. Kapag alam mong mali ang iyong ama kung gayon ay huwag sundin ang kanyang payo upang hindi ka magdusa. Si Rebeca ay kumikilos nang malaya na tila walang ama para kina Jacob at Esau. Gusto niyang malutas ang isyung iyon nang mag isa dahil ayaw niyang ipagtapat sa kanyang asawa ang kanyang mga maling ginawa. Kinailangan ni Rebeca na ipagtapat sa kanya na hindi ito hinuling usa kundi mula sa karne ng kambing na kanyang niluto, at si Jacob ang nagdala ng pagkain at nakasuot ng damit ni Esau at natatakpan ng balat ng kambing. Ito ang tinawag naming ministeryo ni Rebeca na magdudulot ng problema sa inyo at sa inyong mga anak. Itigil mo na ang paggawa ng ganyan, ginagawa mo ang pansarili mo at itinatago mo sa simbahan at sa akin pero hindi mo nakikita ang mga problemang dadalhin mo sa sarili mo at sa mga anak mo. Kung malalaman ni Rebeca kung anong pagdurusa ang darating sa kanyang anak na si Jacob dahil sa ginawa nito ay hindi niya gagamitin iyon. Kaya nga ipinapaliwanag Ko sa inyo ang Kasulatan upang makita ninyo ang masamang epekto ng inyong kasalanan at kung gaano ito makakaapekto sa kinabukasan ng inyong mga anak, mga inapo at sa mga susunod na henerasyon.

Ating basahin ngayon ang sinabi ni Rebeca sa kanyang asawang si Isaac: ***"46 At sinabi ni Rebeca kay Isaac, Ako'y yamot na sa aking buhay, dahil sa mga anak na babae ni Heth: kung si Jacob ay magasawa sa mga anak ni Heth na gaya ng mga ito, ng mga anak ng lupaing ito, ano pang kabuluhan sa akin ng aking buhay?" (Genesis 27:46 KJV)*** Bakit hindi niya sinabi sa kanya ang tungkol na gustong patayin ni Esau si Jacob? Dahil kailangan niyang sabihin sa kanya ang buong kuwento kung paanong dinaya siya ni Jacob at kung paanong siya ang nasa likod ng lahat ng iyon. Hindi niya sinabi iyon sa kanya dahil hindi pa siya nagsisisi.

Sinabi ni Rebeca sa kanya at ipinahayag sa kanya na siya'y naiinis sa mga asawa ni Esau na mula sa mga anak na babae ni Heth, at tama iyon, at sinabi rin niya sa kanya na kung si Jacob ay kukuha ng asawa mula sa gayon

kung gayon ano ang magiging kabutihan ng kanyang buhay sa kanya. Kaya alam niya kung ano ang dapat sabihin sa lahat para pagtakpan ang kanyang maling ginawa. Kay Jacob ay sinabi niya ito kay Haran at kay Isaac naman ay sinabi niya sa kanya ang tungkol sa pag aasawa ni Jacob. Ngayon totoo dito ang isyu ng pag aasawa ni Jacob na hindi pa nalutas at si Jacob ay ngayon ay pitumpu't pitong taong gulang, ngunit hanggang ngayon ay hindi pa siya kasal at walang angkop na asawa para sa kanya na malapit sa kanila. At hindi ko rin alam kung bakit hindi inayos ni Isaac ang pag aasawa ni Jacob at bakit hanggang ngayon ay hindi siya kumikilos para gawin ito. Nabibigatan ba siya kung kanino niya pagpapalain at ngayon ay malinaw na tinanggap ni Jacob ang kanyang pagpapala; o hinihintay niya si Esau na baguhin ang kanyang mga lakad; o wala siyang tamang tao para gawin iyan tulad ng ginawa ng kanyang amang si Abraham sa pagsugo sa kanyang lingkod upang dalhin sa kanya ang kanyang asawa; o kampante siya at nakaligtaan na gawin ito. Ang lahat ng ito ay maaaring maging posible. Ngunit ang angkop na sabihin dito ay ang mga sumusunod: Hindi natin dapat pabayaan bilang mga magulang na gawin ang nararapat nating gawin para sa ating mga anak ang mga bagay na itinakda para sa atin mula sa Dios na gawin para sa kanila, at hindi tayo dapat maghintay ng matagal o magpabaya na gawin iyon dahil maaaring gamitin ng diyablo ang mga hindi angkop na pangyayari at ilagay sila sa mga problema at guguluhin sila tulad ng problema ni Jacob kay Laban sa kanyang pag aasawa.

Tila si Jacob matapos ang nangyari ay kailangan nang lumabas ng bahay. Bakit? Isa sa mga dahilan dahil nagbanta si Esau na papatayin siya, ngunit pinayagan ito ng Diyos dahil pinili ni Jacob na gumawa ng mali sa kanyang ama sa pakikinig sa payo ng kanyang ina. Kailangang disiplinahin ang mga bata at hindi itulak ng mga magulang na gumawa ng mali. Basahin natin ang sagot ni Jacob sa kanyang amang si Isaac nang tanungin niya ito kung paano niya nakuha ang karne ng usa, ***"20 At sinabi ni Isaac sa kaniyang anak, Ano't kay dali mong nakasumpong, anak ko? At sinabi niya, Sapagka't binigyan ako ng mabuting kapalaran ng Panginoon mong Dios." (Genesis 27:20 KJV)*** Siya ay napakatuso sa sagot niya sa kanyang ama. Masdan ang sagot ni Jacob dito, ***"Sapagka't binigyan ako ng mabuting kapalaran ng Panginoon mong Dios."*** Nagsalita si Jacob sa paraang katulad ng sinasabi ni Esau. Si Esau ay hindi mananampalataya at si Jacob sa kanyang sagot ay sinabi niya ito na parang nagmula sa bibig ng isang hindi mananampalataya. Sinabi niya, ***"Sapagka't binigyan ako ng mabuting kapalaran ng Panginoon mong Dios."*** at hindi niya sinabi sa kanyang ama, ***"Sapagka't binigyan ako ng mabuting kapalaran ng Panginoon mong Dios."***, upang isipin ng kanyang ama na siya ay si Esau na hindi isang mananampalataya kay Jehova at iyon ang paraan ng kanyang pakikipag usap sa kanyang ama, 'mong Dios' sa halip na 'aking Dios'. Magaling umakto si Jacob kaya hinayaan siya ng Dios na ilayo sa bahay sa kanyang pagkabihag upang magdusa para sa kanyang kasalanan. Ipinapaliwanag ko dito sa inyo ang tunay na mga dahilan ng pagpapatapon kay Jacob upang maiwasan ninyo ang mga bagay na ito upang hindi kayo at ang inyong mga anak ay mapatapon at magdusa.

Kalauna'y kumilos si Isaac matapos maantala sa paghahanda para sa pag aasawa ng kanyang anak upang ipadala siya sa Haran, pagkatapos ng sinabi ni Rebeca sa kanya sa ***Genesis 27:46 "kung si Jacob ay magasawa sa mga anak ni Heth na gaya ng mga ito, ng mga anak ng lupaing ito, ano pang kabuluhan sa akin ng aking buhay?"*** na tila walang ibang paraan na bubuksan ng Dios, ***"1 At tinawag ni Isaac si Jacob, at siya'y binasbasan, at siya'y pinagbilinan, na sinabi sa kaniya, Huwag kang magaasawa sa mga anak ng Canaan. 2 Tumindig ka, pumaroon ka sa Padan-aram, sa bahay ni Bethuel, na ama ng iyong ina, at magasawa ka roon sa mga anak ni Laban, na kapatid na lalake ng iyong ina. 3 At ikaw ay pagpalain nawa ng Dios na Makapangyarihan sa lahat, at ikaw ay palaguin, at ikaw ay paramihin, upang ikaw ay maging kapisanan ng mga bayan; 4 At ibigay nawa sa iyo ang pagpapala kay Abraham, sa iyo, at sangpu sa iyong binhi; upang iyong ariin ang lupaing iyong pinaglakbayan, na ibinigay ng Dios kay Abraham. 5 At pinapagpaalam ni Isaac si Jacob: at naparoon siya sa Padan-aram kay Laban, anak ni Bethuel na taga Siria, na kapatid ni Rebeca, na ina ni Jacob at ni Esau." (Genesis 28:1-5 KJV)***

Hindi nagalit si Isaac sa ginawa ni Jacob, at mababasa natin na tinawag niya si Jacob at pinagpala siya at inutusan siya ng kailangan niyang gawin upang kumuha ng asawa para sa kanyang sarili, na ipinaalam sa kanya kung kanino, mula kay Laban na kapatid ni Rebeca, ang taong gusto ng kanyang ina na siya ay pumunta. Tiniyak ni Isaac kay Jacob na pagpapalain siya ng Dios at makakasama niya at sa mga ito ay inilagay niya siya sa kamay ng Dios. Ang kanyang puso ay malinis patungo sa kanyang anak kahit na dinaya niya siya sa paglalagay sa kanya sa kamay ng Dios na hahayaan siya ng Dios na tanggapin ang mga kahihinatnan niyon. Nag iisa si Jacob na walang kasama, una dahil minadali siyang ipinadala, pangalawa kahit may makakasama siya, ngunit hindi agad makabalik si Jacob dahil mainit pa ang krisis sa kanyang kapatid na si Esau at hindi pa naayos. Hinayaan ng Dios na mangyari iyon sa gayo'y magdurusa si Jacob sa pagtanggap ng mga bunga ng kanyang maling mga gawa.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Kailangan mong ipakumbaba ang iyong sarili, pakinggan ang mensahe at ang aral na tinanggap mo at maging maingat bilang mga magulang, mga ama, mga ina, at magpakabuti sa Dios. Hindi mo dapat maabot ang sitwasyon na isa sa iyong mga anak ay kailangang humayo at ipadala sa pagkatapon at magulo tulad ng nangyari kay Jacob at nagdulot ng kapahamakan sa kanyang buhay. Namumuhay si Jacob sa mapayapang buhay. Ang maling ugali ng kanyang ina, hindi handang mahintay sa Dios at gawin ang kanyang

pansarili na naging dahilan ng ganoong problema sa kanyang anak. Hindi ang Dios ang nagsugo sa kanya kundi ang kasalanan ang dahilan kung bakit siya pinaalis.

Lumapit ngayon sa Dios at simulang makita ang mabubuting bagay na inihanda ng Dios at ibinigay sa iyong mga anak, at makuntento. Magpasalamat sa kung anong mayroon kayo.

Huwag maging napaka ambisyoso na magiging dahilan upang itulak mo ang iyong mga anak at ang iyong sarili na gumawa ng mga maling bagay upang makakuha ng higit pa. Ang mga ganyan ay hindi magdadala ng pagpapala ng Dios sa kanila kundi mga kaguluhan lamang.

Lumapit ngayon sa Dios sa pagsisisi, pagtatapat at pagtalikod sa lahat ng iyong mga kasalanan upang maawa ang Dios sa iyo at sa iyong mga anak at gumawa ng paraan para sila'y maibalik at bumalik sa mapalad na plano Niya para sa kanila at sa ligtas na daan at masaganang buhay na ipinangako Niyang ibibigay sa mga sumusunod sa Kanya.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan akong buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyo para sa lahat ng aral, mga pagtutuwid at pagsaway na tinanggap ko sa mensaheng ito. Pangioon salamat para sa bagong pagkakataon at paanyaya sa akin na magsisi at bumalik sa iyo.*

*Magsisi ngayon at talikuran ang laaht ng yong mga kasalanan. Magsisi sa iyong pandaraya, panlilinlang, pagsisinungaling at pagmamanipula. Magsisi sa iyong maling paghirang, pagkilos ng malaya, at paggawa ng mga bagay na naayon sa iyong kalooban at plano at hindi ayon sa kalooban at plano ng Dios. Magsisi sa iyong pagsuway sa Dios at ang iyong kawalang kahandaang maghintay sa Kanya. Magsisi sa hindi pagpapasakop sa iyong asawang lalaking makaDios. Magsisi at talikdan ang iyong kamunduhan, pagmamalaki, ang iyong kasakiman, at ang pagibig sa salapi. Magsisi at talikdan ang iyong kawalang takot sa Dios sa iyong buhay, ang iyong kakulangan sa pananalangin at pagbabasa ng Bibliya. Magsisi sa pakikisama sa hindi mananampalataya at paglalaan ng higit na oras sa iyong makamundong mga kaibigan, at sa Media. Magsisi sa iyong pagpapabaya at walang ingat sa paggawa ng iyong mga pananagutan sa iyong mga anak, at pagiging masamang halimbawa at masamang patotoo sa iba, at ang iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisi at tinatalikdan ang sumsusunod na mga kasalanan ________________________*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na baguhin ang aking isip at tigilan ang paggawa ng mali nalalaman na hindi mo ako pagpapalain at aking mga inapo at ang aking mga alagad kong gagawin ko iyon. Panginoon ipinakukumbaba ko ang aking sarili at isinusuko ko ang akong buhay sa iyo at handa akong sumunod sa pagtutuwid. Panginoon Ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na ituro sa aking pamilya at mga anak ang iyong Salita at ang iyong mga paraan. Panginoon nagtitiwala ako sa inyo na sa pagsunod ko sa iyo at pagpapalaki sa aking mga anak sa pagtakot sa iyo na ibibigay mo ang magandang kinabukasan sa aking mga anak at poprotektahan at ibibigay ang kanilang pangangailangan.*

*Panginoon, salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at mula sa kanilang masamang gawain. Panginoon maawa ka sa kanila at sa kanilang mga anak at tulungan sila na mapanumbalik muli sa iyo at sa mabubuting plano na mayroon ka sa kanila at para sa kanilang mga anak. Panginoon tulungan sila sa kanilang buhay at ibigay ang para sa kanila upang patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon linisin ang iyong mga simbahan mula sa gayong mga kasalanan at mula sa mga ministerio ni Rebeca.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan, at tulungan kami na magpatuloy na ituro ang iyong Salita at ipatupad ang iyong mga utos sa buhay ng aming mga kasapi, manggagawa, pamilya at kapisanan. Pangioon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at mag evangelio, at magsanay ng mga manggaawa na humayo at magtanm ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin an pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon kunin ang mensahe at ipalaganap ito upang magdala ng mga bunga na nais mo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 3. Santiago 1:17. Kawikaan 10:22. Genesis 27:8, 41-45. Genesis 32:11. Genesis 47:9. Genesis 22:1-4, 9-12. I Ni Pedro 3:5-6. Mga Panaghoy 2:14. Genesis 27:46. Genesis 27:20. Genesis 28:1-5.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com